# MAHALAGANG IMPORMASYON PARA SA MGA INAASAHANG TAGABIGAY TUNGKOL SA PROSESO SA PAGPAPATALA NG TAGABIGAY SA PROGRAMA NG SERBISYONG PANTAGUYOD SA LOOB NG TAHANAN (IHSS)

Ang isang tagabigay ng IHSS ay isang tao na binabayaran upang magbigay ng mga serbisyo sa isang tao na tumatanggap ng serbisyong pantaguyod sa loob ng tahanan sa ilalim ng Programa ng IHSS. Kung nais mong maging isang tagabigay ng IHSS, dapat mong kumpletuhin ang lahat ng mga hakbang na binalangkas sa ibaba sa loob ng 90 araw mula sa petsa ng simulan mo ang proseso bago ka maitala bilang isang tagabigay at tumanggap ng kabayaran mula sa Programang IHSS para sa pagbibigay ng mga serbisyo. Ang mga hakbang na ito ay hindi kailangang gawin sa anumang partikular na ayos. Kung naniniwala ka na mayroon kang isang kriminal na pag-aresto at/o paghatol sa loob ng nakaraang sampung taon, gaano man kaliit, dapat mong simulan ang proseso sa Hakbang 2 dahil mayroon ka lamang 90 araw upang makumpleto ang lahat ng mga hakbang at maaari tumagal para sa Kagawaran ng Hustisya ng California (DOJ) na suriin ang iyong pangkriminal na nakaraan at ibigay sa county ang iyong Impormasyon sa Talaan ng May Salang Pangkriminal.

**HAKBANG 1. Kumpletuhin at pirmahan ang Pormularyo sa Pagpapatala ng Tagabigay sa Programa ng IHSS (SOC 426) at ibalik ito nang personal sa Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko ng IHSS.**

- Kumuha ng isang blangkong kopya ng SOC 426 mula sa Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko. *Basahing mabuti ang mga impormasyon bago mo kumpletuhin ang pormularyo.*
- Kumpletuhin ang pormularyong SOC 426 at sagutin ang lahat ng mga tanong nang ganap at buong katapatan. **Dapat mong iulat** kung ikaw ay nahatulan ng anumang krimen na di-magpapahintulot sa iyo upang magbigay ng mga serbisyo.
- Magdala ng isang may larawang ID na ibinigay ng isang pederal o pang-estadong ahensiya ng pamahalaan ng U.S. o ng isang kinikilalang pederal na samahang panlipi ng Katutubong Amerika o Katutubo ng Alaska **AT** isang orihinal na tarheta ng Seguro Sosyal o kapalit na tarheta na inisyu ng Pangasiwaan ng Seguro Sosyal.
- Ang impormasyong iyong ibinigay sa SOC 426 ay patutunayan sa pamamagitan ng isang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan ng DOJ.

**HAKBANG 2. Magpakuha ng tatak ng daliri at dumaan sa isang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan ng Kagawaran ng Hustisya ng California.**

- Ang Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko ay magbibigay sa iyo ng mga tagubilin sa kung paano makakakuha ng tatak ng daliri. *Huwag subukang magpakuha ng tatak ng daliri hanggang sa matanggap mo ang mga tagubilin mula sa county.*
- Maaari kang makunan ng tatak ng daliri sa ilang mga lokal na ahensiyang nagpapatupad ng batas (Kagawaran ng Pulis o Serip) o sa isang negosyo na nagbibigay ng elektronikong serbisyo na pagkuha ng tatak ng daliri (Live Scan). Ang Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko ay maaaring magbigay sa iyo ng isang listahan ng mga kalapit na lokasyon.

- Ang batas ng estado ay nag-aatas na bayaran mo ang mga gastos para sa pagkuha ng tatak ng daliri at ang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan. Ang bayad ay magkaiba depende kung saan mo piniling magpakuha ng tatak ng daliri; ang gastos ay nasa pagitan ng $40 hanggang $90.
- Kung napatunayan ng pagsisiyasat ng nakaraan na ikaw **ay nahatulan** ng alinmang mga krimen sa Antas 1 o Antas 2, mangyaring basahin ang mga seksyon sa ibaba at sa susunod na pahina.

---

Kung ikaw **ay** nahatulan ng, **o** nakulong kasunod ng isang kahatulan para sa, alinman sa isang krimen sa Antas 1 o Antas 2 **sa loob ng nakaraang 10 taon**, ikaw ay **HINDI** karapat-dapat na matala bilang isang tagabigay ng IHSS o makatanggap ng kabayaran mula sa programa ng IHSS para sa pagbibigay mga serbisyong pantaguyod.

| | |
|---|---|
| **Mga krimeng kasama sa Antas 1:**<br>• Tinukoy na pang-aabuso ng isang bata (Kodigo Penal (PC) seksyon 273a(a);<br>• Pang-aabuso ng isang matanda o may sapat na gulang na umaasa (PC seksyon 368); o<br>• Pandaraya laban sa isang programa ng pamahalaan sa pangangalaga ng kalusugan o mga sebisyong pantaguyod. | Kung ikaw ay may isang kahatun para sa alinmang mga krimen sa Antas 1 sa nakaraang 10 taon, ikaw ay HINDI karapat-dapat na maging isang tagabigay.<br>• Ikaw ay HINDI karapat-dapat kahit na nagkaroon ka ng isang krimen sa Antas 1 na inalis mula sa iyong talaan. |
| **Mga krimeng kasama sa Antas 2:**<br>• Isang marahas o seryosong krimen, gaya ng tinukoy sa PC seksyon 667.5(c), at PC seksyon 1192.7(c),<br>• Isang mabigat na pagkakasala kung saan ang isang tao ay kinakailangang magparehistro bilang isang may salang-sekswal (sex offender) alinsunod sa PC seksyon 290(c); at<br>• Isang mabigat na pagkakasala na pandaraya laban sa isang programa ng pampublikong serbisyong panlipunan, gaya ng nasasaad sa Kodigo ng Kagalingan at Institusyon seksyon 10980(c) (2) at (g) (2).<br>*Maaari kang humiling sa Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko ng IHSS para sa isang listahan ng mga krimen sa Antas 2.* | Kung ikaw ay may isang kahatulan para sa alinmang **mga krimen sa Antas 2** sa nakaraang 10 taon, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na maging isang tagabigay:<br>• Kung ang iyong krimen sa Antas 2 ay o maaaring alisin mula sa iyong talaan.<br>• Kung ang isang tagatanggap ay humiling ng isang indibidwal na pagpapaubaya upang upahan ka.<br>• Kung ikaw ay naaprubahan para sa isang pangkalahatang pagliliban.<br>*Basahin ang mga seksyon sa ibaba para sa karagdagang impormasyon.* |

**Pag-aalis sa Krimen sa Antas 2:**

- Kung ikaw ay may isang Sertipiko ng Pagbabagong-tatag o ng isang pag-aalis para sa isang krimen sa Antas 2, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat na maging isang tagabigay ng IHSS. Magbigay ng mga kopya ng iyong mga Sertipiko ng Pagbabagong-tatag o mga kasulatan tungkol sa pag-aalis kasama ng iyong nakumpletong SOC 426.
- Kung ikaw ay nasa proseso ng pag-aalis ng isang krimen, dapat mong kumpletuhin ang proseso ng pag-aalis bago magpatuloy ang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan.

**Indibidwal na Pagpapaubaya sa Pagbubukod sa isang Krimen sa Antas 2:**

Ang isang indibidwal na pagpapaubaya ay nagpapahintulot sa iyo na magbigay **lamang** ng mga serbisyo sa isang tiyak na tagatanggap na pumili na upahan ka sa kabila ng iyong (mga) kahatulan sa krimen.

- Ang isang tagatanggap ay dapat humiling at magsumite ng Kahilingan ng Tagatanggap para sa Pagpapaubaya sa Tagabigay (SOC 862) sa Tanggapan ng IHSS sa county o Awtoridad Pampubliko upang pahintulutan kang magbigay ng mga serbisyo.

- Ang tagatanggap ng IHSS na nais na upahan ka ay dapat na masabihan ng iyong kahatulan; gayon pa man, siya ay aatasan na panatilihing lihim ang impormasyon sa kahatulan.

- Kung ikaw, bilang tagabigay, ay ang pinahintulutang kinatawan din ng tagatanggap, **hindi** ka pinapayagang pumirma ng pagpapaubaya sa ngalan ng tagatanggap upang talikdan ang mga krimen na kung saan ikaw ay nahatulan. Sa kasong ito, ang pagpapaubaya ay dapat na direktang mapirmahan ng alinman sa tagatanggap o, kung hindi magagawa, ang isa pang indibidwal ay dapat na ipahayag bilang isang pinahintulutang kinatawan para sa layunin ng pagpirma sa pagpapaubayang ito.

Kung ang iyong tagatanggap ay pumirma ng isang pormularyo ng pagpapaubaya para sa indibidwal kung saan ay nagbibigay-daan sa iyo upang magtrabaho lamang para sa kanya at siya ay lumipat sa ibang county o ikaw ay nagpasyang magtrabaho para sa isa pang tagatanggap na nakatira sa ibang county, kailangan mong gawin ang isa pang pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan sa bagong county at ang tagatanggap na pinagtatrabahuhan mo ay kailangang kumpletuhin at isumite ang isa pang kahilingan para sa isang indibidwal na pagpapaubaya sa bagong county.

**Pangkalahatang Pagliliban para sa isang Krimen sa Antas 2:**

Ang isang indibidwal na napatunayan na hindi karapat-dapat na matala bilang isang tagabigay batay sa isang kahatulan para sa isang krimen sa Antas 2, ngunit nagnanais na magpatala sa isang talaan ng tagabigay, ay maaaring mag-aplay para sa isang pangkalahatang pagliliban sa di-pagtanggap.

- Mag-aplay para sa isang Pangkalahatang Pagliliban sa pamamagitan ng pagkumpleto sa pormularyong Kahilingan ng Aplikanteng Tagabigay ng IHSS para sa Pangkalahatang Pagliliban (SOC 863).

- Ikaw ay kinakailangang magbigay ng karagdagang kasulatan (halimbawa, kasaysayan sa trabaho, mga personal na mga sanggunian, atbp.) upang suportahan ang iyong kahilingan para sa isang pangkalahatang pagliliban.

Kung ikaw ay inalisan ng karapatan batay sa isang kahatulan sa Antas 1 o Antas 2, maaari kang humiling ng isang kopya ng iyong Impormasyon sa Talaan ng Nagkasalang Pangkriminal (CORI) mula sa county. Mangyaring maging maalam na ang CORI ay maaari lamang gamitin para sa proseso ng pagpapatalang ito.

**Kung naniniwala ka na ang impormasyon sa iyong mga pangkriminal na nakaraan ay hindi tama, maaari mong tutulan ang impormasyon sa pamamagitan ng proseso ng pagrerepaso sa talaan ng DOJ.**

Kabilang sa proseso ng pagrerepaso sa talaan ng DOJ ay ang pagbibigay ng mga tatak ng daliri, pagbabayad ng pagpapaproseso, at pagsunod sa mga tagubilin na matatagpuan sa website ng DOJ sa http://ag.ca.gov/fingerprints/security.php. Kung may impormasyong kriminal sa iyong talaan, ang isang Paghahabol ng Umano'y Di-Kawastuan o Di-Kahustuhan [Claim of Alleged Inaccuracy or Incompleteness (PORMULARYONG BCII 8706)] ay ilalakip kasama sa kasagutan.

**HAKBANG 3: Dumalo sa isang Oryentasyon ng Tagabigay sa Programa ng IHSS na ibinibigay ng county.**

- Ang Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko ang magsasabi sa iyo kung kailan at saan ka maaaring dumalo sa isang pagpupulong na oryentasyon.
- Ang oryentasyon ay magbibigay sa iyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa Programa ng IHSS at ng mga patakaran at mga kinakailangan para iyong sundin bilang ng isang tagabigay.

**HAKBANG 4: Sa katapusan ng pagpupulong na Oryentasyon ng Tagabigay, pirmahan ang isang Kasunduan sa Pagpapatala ng Tagabigay sa Programa ng IHSS (SOC 846).**

- Sa pamamagitan ng pagpirma sa SOC 846, sinasabi mo na nauunawaan at sumasang-ayon ka sa mga patakaran at mga kinakailangan para sa pagiging isang tagabigay sa Programa ng IHSS.

Dapat kang magtabi ng mga kopya ng lahat ng dokumentong isinumite mo at anumang natanggap mo mula sa county para sa iyong mga talaan.

Kapag matagumpay mong nakumpleto ang apat (4) na mga hakbang na ito at ikaw ay naaprubahan ng county o Awtoridad Pampubliko upang maging isang tagabigay ng IHSS, habang ikaw ay isang aktibong tagabigay at ang iyong mga pagsisiyasat ng pangkriminal na nakaraan ay nananatiling malinis, ikaw ay patuloy na magiging karapat-dapat upang magkaloob ng mga serbisyo para sa sinumang mga tagatanggap ng IHSS.

**Kung hindi mo makumpleto ang apat (4) na hakbang na ito sa loob ng 90 araw pagkatapos mong masimulan ang proseso sa pagpapatala ng tagabigay, ikaw ay mapapatunayang hindi karapat-dapat na magtrabaho at mabayaran bilang isang tagabigay ng IHSS at kakailanganin na simulan muli ang proseso upang matala bilang isang tagabigay ng IHSS.**

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol dito sa mga kinakailangan sa pagpapatala ng tagabigay, makipag-ugnayan sa iyong Tanggapan ng IHSS sa County o Awtoridad Pampubliko ng IHSS.